THE TAMARAO JOURNAL

WHAT'S INSIDE?

3 'Sulyap Kultura: A Cultural Research Colloquium' idinaos sa Oriental Mindoro Heritage Museum

VOLUME I No. 21 April 04, 2022 - April 10, 2022

# Sentrong Pangkabataaan, handog ng Pamahalaang Panlalawigan sa kabataang Mindoreño







NAKATAKDA NANG BUKSAN SA PUBLIKO sa Abril 24 ang Sentrong Pangkabataaan Multi-Purpose Building sa C5 Road, Brgy. Sta. Isabel, Calapan City.

Ang Sentrong Pangkabataan ay isang proyektong malaon nang pinangarap ni Governor Bonz Dolor para sa mga kabataan noong siya ay SK President pa lamang. Bagama't matagal na panahong nahinto ang proyektong ito, tiniyak naman niya na isa ito sa mga prayoridad sa ilalim ng kanyang pamamahala bilang Gobernador ng lalawigan.

Matatandaan na sa pamamagitan nang maayos na pakikipag-usap at mabuting pakikisama sa kasalukuyang administrasyon, pinagkalooban ni Pangulong Rodrigo Roa Duterte sa pamamagitan ni Senator Bong Go ang Pamahalaang Panlalawigan ng halagang P130M na pondo upang ipagpatuloy ang pagpapagawa ng Sentrong Pangkabataan.

Sa kanyang muling pagbisita sa proyekto noong Abril 4 kasama ang kanyang maybahay at anak, hindi maitago ng Gobernador ang tuwang kanyang nadarama sapagkat abot kamay na niya ang kanyang matagal nang pangarap para sa mga kabataang Mindoreño.

"Ang pangarap ko noon, 25 years ago... natupad sa henerasyon mo anak. Alay ko ito sa kabataang Mindoreño", ayon pa sa Gobernador.
Binubuo ang Sentrong Pangkabataan ng dalawang (2) malalaking gusali. Ang una ay ang main building kung saan naririto ang sports facilities at mga tanggapan para sa mga kabataan, riders club, brotherhood center at iba pa. Samantalang ang ikalawang gusali naman ay ang training center kung saan matatagpuan ang apat (4) na training/conference hall, apat (4) na dormitoryo at youth o IT library.

Isa rin ang Sentrong Pangkabataaan sa mga mahahalagang proyektong pang-imprastraktura ng Pamahalaang Nasyunal sa administrasyon ni Pangulong Rodrigo R. Duterte para sa Oriental Mindoro. Sa katunayan, isa ito sa mga ininspeksyon ng Pangulo sa kanyang pagbisita sa lalawigan noong Nobyembre 18 ng nakaraang taon (PIO Mindoro Oriental).





THE TAMARAO JOURNAL

RUEL T. LANDICHO
PUBLISHER

RAIA JENNIFER E. DELA PENA
EDITOR IN CHIEF

MARIA GLENDA LANDICHO
OPERATIONS AND CIRCULATION MANAGER

JACQUILOU LIRIO
ANTON VIKTOR LANDICHO
STAFF WRITERS

JORGE THOMAS BEATO
LAY-OUT ARTIST / GRAPHIC DESIGN

REYMUND AL USSAM
LEGAL CONSULTANT

THE TAMARAO JOURNAL IS A WEEKLY NEWSPAPER CIRCULATING IN THE PROVINCE OF ORIENTAL MINDORO, ISSUED EVERY WEDNESDAY. OFFICE: IBABA WEST, CALAPAN CITY, OR. MIN. CONTACT: 09175668361 EMAIL ADD: TAMARAOJOURNAL@GMAIL.COM










***Blessing of City Project - Barangay Biga Multi-Purpose Building, inaugurated by City Mayor Arnan C. Panaligan and City Vice Mayor Gil G. Ramirez.***



WE ARE OPEN TO CONTRIBUTORS AND WRITERS, PLEASE SEND ARTICLES, IDEAS AND INQUIRIES TO
website:
www.tamaraojournal.com
tamaraojournal@gmail.com

# 'Sulyap Kultura: A Cultural Research Colloquium' idinaos sa Oriental Mindoro Heritage Museum







SA KAUNA-UNAHANG PAGSASAGAWA ng 'Sulyap Kultura: A Cultural Research Colloquium' na idinaos sa Oriental Mindoro Heritage Museum (OMHM), Lungsod ng Calapan, noong 31 Marso hangang 1 Abril, itinampok ang mayamang kultura ng mga Mindoreño.

Sa dalawang araw na pagpupulong na may talakayan at mga panayam, iprinisinta ng mga resource speaker at researchers ang kani-kanilang research paper na tumatalakay sa wika, literatura, sining at kultura lalung lalo na ng mga katutubong Mangyan. Ilan din sa kanila ay nagsagawa ng pananaliksik upang mapalakas ang kanilang kabuhayan para hindi maging hadlang ang kahirapan sa kanilang pag-aaral.

Matatandaang isa sa mga layunin ng pagtatayo ng Oriental Mindoro Heritage Museum (OMHM) ng kasalukuyang administrasyon ni Governor Bonz Dolor ay upang maingatan at maibahagi ang kasaysayan at linangin ang sining at kultura ng lalawigan. Kung kaya't nararapat at napapanahon ang mga gawaing tulad ng isinagawang cultural research colloquium.

Ang naturang gawain ay pinangunahan ng Pamahalaang Panlalawigan sa pamamagitan ng PTIEDO-Tourism Division katuwang ang Divine Word College of Calapan (DWCC), DepEd-Oriental Mindoro Division at DepEd-Calapan City Division. Ninanais ng mga organizer at mga nagsidalo na ipagpatuloy ang pagsasagawa ng ganitong mga talakayan upang mas payabungin pa ang pagtataguyod ng kasaysayan, sining at kultura sa lalawigan ng Oriental Mindoro (PIO .




**For you commercial print needs! Offset and Digital Printing Services, we specialize in Yearbooks, notebooks, brochures, marketing collaterals like custom folders and giveaways**
**www.sinagprintingpress.com**
**sinagprinting@gmail.com**
**09175668361**



THE TAMARAO JOURNAL

VOLUME I No. 21 April 04, 2022 - April 10, 2022

MSP GAS RETAILING STATION
Gasolina at Krudo,
Sigurado at Garantisado
BARANGAY GULOD,
CALAPAN CITY, OR. MINDORO
CONTACT: 09295453013

# I.T. Park itatayo sa Mindoro Oriental!




PINANGUNAHAN NI GOVERNOR BONZ DOLOR ang inspeksyon ng lupain sa Brgy. Sta. Isabel, Calapan City na pagtatayuan ng I.T Park na magbibigay oportunidad sa mga mamamayan ng lalawigan na magkaroon ng trabaho. Tinatayang makakapag prodyus ng 3000 hanggang 5000 trabaho ang I.T Park.

Matatandaan noong Marso 12 nang nakaraang taon , inaprubahan ng Philippine Economic Zone Authority (PEZA) Board ang aplikasyon ng Pamahalaang Panlalawigan sa pre-qualification clearance sa pagdedeklara na ang lupain sa naturang barangay ay gagawing I.T park.

Handog ng gobernador ang naturang proyekto sa mga mamamayan ng lalawigan lalung-lalo na sa mga kabataang katatapos pa lamang sa pag-aaral upang hindi na kailangan pang lumayo at makipag sapalaran sa mga karatig na lalawigan upang maghanap ng trabaho (PIO Oriental Mindoro).



